# KOMIKS




## MGA MAHALAGANG KAALAMAN TUNGKOL SA HYPERTENSION

# “Naguguluhan Ako”

## Ang Buhay ni Mang Pilo.

*(ikatlong yugto)*



Konsepto ni: Nelson S. Abelardo, M.D.
Iginuhit ni: Frank C. Casilag

**Pinagsamang proyekto ng**
**PHILIPPINE SOCIETY OF HYPERTENSION**
**at**
**GX INTERNATIONAL, INC.**

## *Ano ba ang Philippine Society of Hypertension?*

Ang Philippine Society of Hypertension (PSH) ay ang tanging organisasyon sa Pilipinas na tumatalakay sa pag-aaral at paglunas ng hypertension at mga kaugnay na sakit sa puso (cardiovascular diseases). Ang PSH ay gumugugol sa pagtuturo sa mga manggagamot at iba pang health professionals tungkol sa mga bagong tuklas na pagsusuri at mga makabagong paraan ng paggamot, tungo sa layunin na makontrol ang high blood pressure at mabawasan ang pagkakaroon ng cardiovascular complications tulad ng heart attack, kidney disease at stroke.

Aktibo ang PSH sa pagpapalaganap ng kamalayan at pagbibigay ng kaalaman tungkol sa hypertension at iba pang sakit tungkol sa heart at blood vessels sa pamamagitan ng radyo, tv, pahayagan at internet. Nagsasagawa rin ito ng mga seminar para sa mga health professionals at sa masa tungkol sa tamang paraan ng pagsukat ng blood pressure.

Ang Philippine Society of Hypertension ay may inilunsad na programa upang hirangin ang ilang manggagamot bilang espesyalista sa hypertension (Hypertension Specialist). Ang mga hypertension specialists ay mga piling doktor na pumasa sa mahigpit na pagsusulit ng PSH at nagpakadalubhasa sa paggagamot ng hypertension at kalapit na cardiovascular disorders.

# *Ano ang GX INTERNATIONAL, INC.?*


Ang GX INTERNATIONAL, INC. ay isang Pilipinong kumpanya na itinatag noong 1993. Layunin nito ang i-angat ang kalusugan ng bawat Pilipino sa pamamagitan ng paggawa ng mataas na kalidad na gamot sa abot-kayang halaga. Nakikipag-ugnayan ito sa ibat-ibang medical organizations at societies upang mamahagi ng kaalaman o impormasyon tungkol sa mga karamdamang kadalasang panghabang buhay katulad ng hypertension, diabetes, ulcer at hika. Magtanong sa iyong doktor hinggil sa mga gamot ng GX na angkop para sa'yo.


*A vision to seek for options*
*so that quality treatment*
*may not have to be expensive.*

Rod I. Gracia
Founder

**GX INTERNATIONAL, INC.**
RMG Corporate Center, Lot 60 Block 11, Buencamino St.
Cupang, Muntinlupa City



Posible, at kami lang mga doctor ang tanging makakapagpayo sa tamang kumbinasyon ng mga gamot. Bukod kasi sa efficacy ng gamot, mahalaga ring timbangin ang drug to drug interaction at side-effects ng mga gamot. Minsan sa maling kombinasyon, ito pa ang magiging sanhi ng pagkamatay!
Hay naku doctor! Eye-opener itong nangyari sa akin. Susundin ko na po lahat ang inyong payo.


Sige po Mang Pilo, magkita po tayo ulit after two weeks para makita yung improvement nyo. Sige po!
ITUTULOY



Pagkalipas ng dalawang taon...
Baby, nasan ba dito yung aking paboritong pantalon?
Andyan lang yan, 'wag mo muna akong istorbohin at baka mali itong maibigay kong barya sa driver.
Buti pa yata nung dati na walang inaasikasong negosyo, ako ang inaasikaso...
Aba! Hirap ko nang ibutones itong pantalon ko a! Tinitipid ko pa naman ang gamit para di agad maluma!
O sya Baby, tutuloy na ako, tinanghali tuloy ako sa paghahanap. Siguradong maraming tao at siksikan na sa plaza.



SA PLAZA...may kasiyahan. Pawisan si Mang Pilo
Pare! buti naman at nakarating ka! Halos 'di na yata kayo nagpapahinga ni Baby sa kakakayod!
Kailangan Pare; lalo na ngayong El Niño, siguradong apektado na naman ang saka. Kaya nga tinututukan muna ni Baby yung jeep na pampasada... Maiba ako, san pala yung iba nating kasama?



Habang nagkukwentuhan, biglang sumama ang pakiramdam ni Mang Pilo.
Pareng Pilo, parang namumutla ka at nanlalamig...Saklolo! Tulong! Dalhin natin siya sa doktor!


Since may family history kayo ng hypertension at dia-betes, mas doble dapat ang pag-iingat n'yo. Dagdag-bawas lang po yan. Dagdag excercise, bawas timbang. Dagdag prutas at gulay, bawas kanin at mantika, dagdag tubig, bawas alak. Dagdag clean air, bawas sigarilyo. Dagdag recreation, bawas stress.
Naging kampante kasi ako Doctor nung wala na akong nararamdaman. Kasi nga, nasa isip ko, may gamot naman. Hayan tuloy, mas dadami pa lalo ang iinumin kong gamot!



Sabi nga Mang Pilo, ang hypertension ay pang habang buhay at dapat, lifetime din ang commitment mo sa pagsunod sa lifestyle modification upang maiwasan ang kumplikasyon. Sa gamot naman, mahalaga ang regular na konsultasyon dahil kailangan nating ma-determine ang optimal dose ng mga gamot na magkokontrol sa iyong hypertension, pati na rin sa ibang posibleng karamdaman.
Oo nga doctor, yung kapitbahay ko, limang klaseng gamot yata ang iniinom araw-araw.


SA KLINIKA NG CARDIOLOGIST
Mang Pilo, ito na po yung resulta ng mga test na ginawa sa inyo.


Dito po sa stress test, maganda naman po yung ECG results ninyo. Ibig sabihin wala pa po akong nakikitang kumplikasyon sa puso. Pero dito po sa lab results, nasa borderline po ang inyong kolesterol at mataas po ang inyong blood sugar.
Naku ang pamana na naman nina Inay at Itay



SA KLINIKA. Natutulog si Mang Pilo. Umiiyak si Aling Baby.
Naku Dok, buti na lang at andun si Pare, kung hindi... hu hu hu!
Nag shoot up ang BP niya, 200/120, malamang dahil sa stress at sobrang init ng panahon.
Alam mo naguguluhan talaga ako! Akalain ko bang magkaganyan si Pare. 'Di ba't siya yung magaling magpayo tungkol sa hypertension?


Aling Baby, tiningnan ko yung record n'ya. Halos sampung buwan na s'yang di nagpapakonsulta.
Ganun po ba? Naku di ko na namalayan sa sobrang busy.


Actually, gusto ko kayong i-refer sa kaibigan kong cardiologist na si Doc Aga, yung talagang espesyalista sa puso para masuri nang mabuti ang kanyang kundisyon.
Mawalang-galang na po doctor, pero naguguluhan talaga ako. Di ba't pare-pareho lang naman kayong nag-aral at nagtapos ng medisina?
Tama po kayo sir. Pagkatapos ng medicine proper at nakapasa sa board, maaari na po kaming manggamot, tulad ko. Ang tawag po sa amin ay General Practitioner o GP. Pero, meron pang ibang nag-iispecialize sa particular na karamdaman. Dagdag na ilang taon pa ng pag-aaral at training ang kanilang iginugugol para maging espesyalista. Sa kaso ni Mang Pilo, cardiologist po ang kailangan nya. Meron po silang mga tests at procedures na hindi kayang gawin ng isang GP.


Alam nyo po ba kung bakit ako lalong naguguluhan? Kasi, hindi ko na alam kung sino ang paniniwalaan ko! Sabi sa tv, radyo, dyaryo, mas magaling daw at safe ang herbal. Magugulat ka na lang, aba eh, mas mahal pa sa tunay na gamot!
At lalo kang maguguluhan dito kumpadre, ang dami-dami na ring naglalabasan na gamot. Lahat nag-sasabi na mura at de kalidad daw... Sa totoo lang doctor may aaminin ako, pinalitan ko kasi ng generic yung binigay mong prescription kay Pilo eh... nito lang nakaraang Linggo. Yun kasi ang sabi ng sales clerk, pareho lang daw yun!


Sa mga simpleng sakit po siguro, ok lang yung herbal o kaya yung generic. At saka yung herbal po, supplement yun. Ibig sabihin, dagdag lang at di kailanman pwedeng pamalit sa iniinom na gamot!
Tungkol naman sa generic, mas maganda sigurong ikonsulta nyo muna sa aming mga doctor kung gusto nyong palitan ang inyong reseta. Hindi ako totally against sa generic pero mahalagang malaman ang kredibilidad o reputasyon ng kompanyang gumagawa nito. Mahalaga ito lalo na kung ang inuman ay pang matagalan. At magugulat kayo, hindi komo generic ay laging mura. Merong ibang branded na mas mura pa sa generic.


Hala ka Baby, sa pagtitipid mo, nalagay tuloy sa panganib si Kumpadre at lalo ka tuloy nagastusan!
Oo na, tama na ang pakunsyensya!
Hindi naman Aling Baby. Maraming factors ang kailangang alamin kung bakit umabot sa ganito si Mang Pilo.

*Para sa karagdagang inpormasyon sa mga aktibidad ng Philippine Society of Hypertension, makipag-ugnay sa PSH secretariat sa:*


**PHILIPPINE SOCIETY OF HYPERTENSION**
Unit 309, Amberland Plaza
Julia Vargas St., Ortigas Complex, Pasig City
Tel. Nos. 631-7970, 687-7073, 687-2841
Fax No. 631-7970
E-mail address: phihyper@world.net.ph
Website: www.psh.org.ph



## Officers and Members of the Board of Trustees 2009 - 2010

| | |
|---|---|
| President | Abdias V. Aquino, M.D. |
| Vice-President | Dante D. Morales, M.D. |
| Secretary | Romeo A. Divinagracia, M.D. |
| Treasurer | Lynn A. Gomez, M.D. |
| Trustees | Tommy S. Ty Willing, M.D. |
| | Leilani B. Mercado-Asis, M.D. |
| | Norbert Lingling D. Uy, M.D. |
| Immediate Past President | Rafael R. Castillo, M.D. |

Sponsored as a service to the medical profession by
GX INTERNATIONAL